

Impormasyon ukol sa Paghahati ng pasok ng mga estudyante sa Panahon ng Pansamantalang Pagsasara ng Eskwelahan

1 Layunin

Alinsunod sa pagpapahaba ng pansamantalang pagsasara nang eskwelahan dahil sa COVID-19, at upang maihanda ang mga mag-aaral ngayong Unang semestre, at para masundan rin ang kanilang kalusugan o kapakanan, at makapagbigay ng mga kinakailangang tagubilin, ang “distributed attendance o hati-hating pagpasok” sa eskwelahan ay ipatutupad sa bawat paaralan. Hahatiin sa pamamagitan ng pook o kaya sa grado, habang tinitiyak ang masusing pagpipigil ng impeksyon sa pamamagitan ng pag-iwas na makipagkita sa isang masikip na lugar hanggat maiiwasan.

2 Detalye

(1) Pagmamatyag sa mg estudyante

- ① Alamin ang kanilang kalusugan, kung sila ay hindi na i stress.
- ② Ipaalam sa kanila ang mga lugar at mga taong dapat kontakin kung nais kumunsulta.

(2) Ituro ang Paraan ng Pag aaral

- ① Pag-aaral ukol sa mga bagay para hindi mahawaan ng Corona Virus.
- ② Alamin kung paano sila nag-aaral sa loob ng tahanan at ituro ang mga paraan.
- ③ Magbigay ng mga guide books na makatutulong sa kanilang pag-aaral.

3 Pamamaraan ng Paghahati ng Pasok sa Eskwelahan

(1) Kondisyon ng Kalusugan ng Estudyante

- ① Ang may sintomas ng sipon ay hindi dapat papasukin.
- ② Huwag piliting papasukin ang may sakit na hika at mahina ang baga.

(2) Ukol sa Araw ng Pasok

1. Ang pag aaral sa araw na ito ay kakaiba sa pangkaraniwang araw ng pasok sa eskwelahan.
2. Ang “distributed attendance o “hati-hating Pagpasok” na araw ay maipapatupad sa katapusan ng taon o kaya tuwing umpisa ng bakasyon.

(3) Ukol sa Lugar

- ① Panatiliing may 2 metro ang pagitan ng bawat estudyante kung saan ang sitwasyon na hindi gamit ang mask o takip sa mukha.
- ② Maaring gamitin ang mga gymnasium ng eskwelahan, Assembly Hall sa bawat lugar at iba pang lugar na maaring gamitin sa pagtitipon.
- ③ Panatiliing malinis ang hangin sa loob ng lugar sa pamamagitan ng pagbubukas ng bintana sa loob ng ilang minuto, paghuhugas ng mga kamay, gawin ang tamang pamantayan ng pag ubo.

(4) Oras na itatagal.

Ito ay isasagawa isang beses isang lingo, isang oras sa bawat isang estudyante.

(5) Paraan ng Pagpasok sa Eskwelahan

- ① Hatid sundo ng mga guro ang estudyante sa pinto ng eskwelahan sa oras ng pagpasok at pag uwi at kung maaari ay huwag hayaang makipagkita sa ka eskwela.
- ② Sa oras ng pagpasok, sulatan ang papel para sa pag tsek ng kondisyon ng kalusugan na nakalagay sa pinto ng eskwelahan at hugasang Mabuti ang kamay.
- ③ Kung maraming papasok sa loob ng isang araw, pag ibahin ang mga oras nito at kung maari ay huwag magkaroon ng kontak sa bawat isa.
- ④ Kung gagamit ng School Bus, panatiliing may malaking puwang ang upuan ng bawat isa.
- ⑤ Sa mga gagamit ng pampublikong transportasyon, papasukin sa oras na kaunti ang gumagamit nito.
- ⑥ Makipag-isa sa PTA sa oras ng pagpasok at pag uwi para sa kaligtasan ng lahat.

(6) Para sa mga Estudyante ng Mataas na Paaralan at Eskwelahan na may Espesyal na pangangailan.

Dahil sa iba’t-ibang paraan ng pagpasok sa paaralan, gayun din ang kakayahan na magbigay ng tagubilin sa pamamagitan ng email, at iba pa, sa mga nasa Mataas na Paaralan, at ang mga indibiduwal na nangangailangan ng pag-aalaga mula sa Eskwelahan na may Espesyal na Pangangailangan, ang paraan ng pagsasakatuparan ng “Distributed Attendance (o Hati-hating Pagpasok) ay bukod-bukod na ibabalangkas.

(7) Iba pa

- ① Sa unang araw ng “distributed attendance” (o hati-hating Pagpasok) bibigyan ang mga estudyante ng wastong pamamaraan upang maiwasan ang pagkalat ng nakakahawang sakit (COVID-19) gaya ng paghuhugas at i-sanitize ang mga kamay, ang tamang gawi sa pag-ubo.
- ② Para sa mga hindi nakapasok, tatawagan ng eskwelahan ang magulang o ang estudyante upang alamin ang kanilang kasulukuyang sitwasyon.
- ③ Alaming lubusan ang kondisyon ng kalusugan ng mga guro na matatalaga sa bawat araw.
- ④ Ang mga seremonya ng Pagtatapos at Kurso (kasama na rin ang mga mag-aaral ng Junior High School 3rd grade) na nakapagtapos sa panahon ng pansamantalang pagsasara ng Eskwelahan ay isasagawa tulad ng mga ibinalangkas na patnubay na nakasaad sa itaas.

Halimbawa Ng 「Paghahati ng pasok sa eskwelahan」

(Halimbawa 1) Paggamit Ng Gymnasium. Hinati Bawat Baitang.

Marso 9 (Lunes)

Grade 1~Grade 4

Oras	Grade (Baitang)	Bilang	Lugar
9 : 00~10 : 00	Grade 1 Section 1 · 2	60	Gymnasium
10 : 30~11 : 30	Grade 2 Section 1 · 2	60	Gymnasium
13 : 00~14 : 00	Grade 3 Section 1 · 2	60	Gymnasium
14 : 30~15 : 30	Grade 4 Section 1 · 2	60	Gymnasium

Marso 10 (Martes)

Grade 5~Grade 6

Oras	Grade (Baitang)	Bilang	Lugar
9 : 00~10 : 00	Grade 5 Section 1 · 2	60	Gymnasium
10 : 30~11 : 30	Grade 6 Section 1 · 2	60	Gymnasium

(Halimbawa 2) Paggamit sa pampublikong Lugar, Hinati ayon sa purok, Pinagsama-samang Baiting.

Marso 9 (Lunes)

Oras	District	Bilang	Lugar
9 : 00~10 : 00	●●District	20	●● District Center
9 : 00~10 : 00	■ ■ District	25	■ ■ Resident Center
13 : 00~14 : 00	○○District	10	○○ Resident Center
13 : 00~14 : 00	△△District	30	△△ District Gymnasium

※ Panatiliing nasa 2 metro ang pagitan ng bawat estudyante na walang gamit na takip sa mukha.